Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa

PATNUBAY SA MISA

18 Marso 2018 | Ika-5 Linggo ng Kuwaresma | Taon B

Buhay sa Kabila ng Kamatayan

Isang linggo na lamang at magsisimula na ang Mahal na Araw, at ang Ikalawang Pagbasa at ang Ebanghelyo para ngayon ay nagpapaalaala na sa atin sa pangunahing katotohanang bunga ng kalunos-lunos na pagkamatay ni Hesukristo ang ating kaligtasan. Sa kanyang pagpapakasakit at pagkamatay, pinagtibay ang Bagong Kasunduan.

Ang buhay na kasunod ng kamatayan ay isang hamon sa atin. Kung nais natin ang malinis na buhay, dapat nating iwaksi ang ating kapalaluan at ano mang ibang anyo ng damdaming negatibo. Tanging sa pagtalikod sa ating mga hamak na sarili tayo makapagsisimulang mabuhay para sa Panginoon. Saka lamang tayo magiging masiglang katipan sa Bagong Kasunduan.

Ialay natin ang Eukaristiyang ito para sa kahilingang ito, habang patuloy nating ipinagdarasal ang kapayapaan at katarungan sa daigdig.

PASIMULA

Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Ako ay iyong hukuman, pabulaanan ang sakdal ng may masamang paratang. D'yos ko, tanging ikaw lamang ang lakas ko at tanggulan.

Pagbati

***P*–** Ang biyaya at kapayapaan ng Diyos Ama at Panginoong Hesukristo ay sumainyo.
***B* – At sumaiyo rin!**

Pagsisisi

***P*–** Sa paghahanda para sa pagdiriwang ng misteryo ng pag-ibig ni Kristo, alalahanin natin ang ating mga kasalanan at humingi sa kanya ng kapatawaran at lakas. *(Manahimik sandali.)*

***P* –** Ikaw ang may gawa ng bago at walang hanggang tipan. Panginoon, kaawaan mo kami!
***B* – Panginoon, kaawaan mo kami!**

***P* –** Ikaw ang binhing namatay at nagbunga ng buhay na walang hanggan para sa makasalanang sangkatauhan. Kristo, kaawaan mo kami!
***B* – Kristo, kaawaan mo kami!**

***P* –** Inilalapit mo sa iyo ang lahat ng tao sa pamamagitan ng iyong kamatayan at muling pagkabuhay. Panginoon, kaawaan mo kami!
***B* – Panginoon, kaawaan mo kami!**

***P* –** Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.
***B* – Amen!**

Panalanging Pambungad

***P*–** Ama naming makapangyarihan, alang-alang sa dakilang pag-ibig ng iyong Anak na siyang nagbunsod upang mahalin niya ang lahat anupa't kusa niyang inako ang mamatay para sa sanlibutan, kami nawa'y masigasig na tumahak sa kanyang dinaanan sa iyong pag-akay at sa kanyang pamamagitan kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B* – Amen!**

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

Unang Pagbasa *Jer 31:31-34*

Ang hula tungkol sa isang "Bagong Kasunduang" nakasulat hindi sa bato kundi sa mga puso ng tao ay napakahalaga sa kasaysayan ng kaligtasan. Ito ay natupad kay Hesukristo at tayong lahat ay bahagi ng patuloy na katuparan.

***L* –** Pagpapahayag mula sa Aklat ni Propeta Jeremias

Sinasabi ng Panginoon, "Darating ang panahon na gagawa ako ng bagong pakikipagtipan sa Israel at sa Juda.

Ito'y di gaya ng tipang ginawa ko sa kanilang mga ninuno, nang ilabas ko sila sa Egipto. Bagamat sumira sila sa kasunduan namin, nagtiyaga ako sa kanila. Ganito ang gagawin kong tipan sa Israel: Itatanim ko sa kanilang kalooban ang aking kautusan; isusulat ko sa kanilang mga puso. Ako'y magiging kanilang Diyos at sila ang magiging bayan ko. Hindi na nila kailangang turuan ang isa't isa upang makilala ang Panginoon; lahat sila, dakila't hamak ay makakakilala

sa akin, sapagkat patatawarin ko sila sa kanilang maling gawain at hindi ko na gugunitain pa ang kanilang kasalanan."

Ang Salita ng Diyos!
***B* – Salamat sa Diyos!**

Salmong Tugunan *Awit 50*

B* –*D'yos ko, sa aki'y likhain tapat na puso't loobin!

R. M. Velez



*** Ako'y kaawaan, O mahal kong Diyos, sang-ayon sa iyong kagandahang-loob; mga kasalanan ko'y iyong pawiin, ayon din sa iyong pag-ibig sa akin! Linisin mo sana ang aking karumhan at ipatawad mo yaring kasalanan!** ***B.***

*** Isang pusong tapat, sa aki'y likhain; bigyan mo, O Diyos, ng bagong damdamin. Sa iyong harapa'y, h'wag akong alisin; ang Espiritu mo ang papagharii n.** ***B.***

*** Ang galak na dulot ng 'yong pagliligtas, ibalik at ako ay gawin mong tapat. Kung magkagayon na, aking tuturuang sa iyo lumapit ang makasalanan.** ***B.***

Ikalawang Pagbasa *Heb 5:7-9*

Pinaaalalahanan tayo ngayon ng may-akda ng Sulat sa mga Hebreo na ang ating kaligtasan ay bunga ng panalangin, pagpapakasakit, at pagsunod ni Kristo hanggang kamatayan. Tinatamasa natin ang kanyang pagliligtas alinsunod sa ating pagsunod sa kanya.

***L* –**Pagpapahayag mula sa Sulat sa mga Hebreo

Mga kapatid: Noong si Hesus ay namumuhay rito sa lupa, siya'y dumalangin at lumuluhang sumamo sa Diyos na makapagliligtas sa kanya sa kamatayan. At dininig siya dahil sa lubusan siyang nagpakumbaba.

Bagamat siya'y Anak ng Diyos, natutuhan niya ang tunay na kahulugan ng pagsunod sa pamamagitan ng pagtitiis. At nang maganap na niya ito, siya'y naging walang hanggang Tagapagligtas ng lahat ng sumusunod sa kanya.

Ang Salita ng Diyos!
***B* – Salamat sa Diyos!**

Awit-pambungad sa Mabuting Balita

B* –*(Luwalhati at papuri sa iyo, Panginoong Hesukristo!)
Ang sinumang naglilingkod upang sa aki'y sumunod ay tunay na itatampok sa kaligayahang lubos ng mahal na Anak kong D'yos.
(Luwalhati at papuri sa iyo, Panginoong Hesukristo!)

Mabuting Balita *Jn 12:20-33*

Ang pagkamatay ni Kristo ay hindi isang kahina-hinayang at di inaasahang "aksidente," kundi isang napakahalagang bahagi ng kabuuang plano para sa kaligtasan. Ito ay tinanggap ni Hesus nang buong laya, at alam niyang dito nakasalalay ang kaligtasan ng sangkatauhan.

***P* –**Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Juan
***B* – Papuri sa iyo, Panginoon!**

Noong panahong iyon: Kabilang ang ilang Griego sa mga pumunta sa pista upang sumamba. Lumapit sila kay Felipe na taga-Betsaida, Galilea, at nakiusap, "Ginoo, ibig po naming makita si Hesus." Sinabi ito ni Felipe kay Andres, at silang dalawa'y lumapit kay Hesus at ipinaalam ang kahilingan ng mga iyon.

Sinabi ni Hesus, "Dumating na ang oras upang parangalan ang Anak ng Tao. Tandaan ninyo: malibang mahulog sa lupa ang butil ng trigo at mamatay, mananatili itong nag-iisa. Ngunit kung mamatay, ito'y mamumunga nang marami. Ang taong labis na nagpapahalaga sa kanyang buhay ay siyang mawawalan nito, ngunit ang napopoot sa kanyang buhay sa daigdig na ito ay siyang magkakaroon nito hanggang sa buhay na walang hanggan. Dapat sumunod sa akin ang naglilingkod sa akin, at saanman ako naroroon ay naroon din ang aking lingkod. Pararangalan ng Ama ang sinumang naglilingkod sa akin.

Ngayon, ako'y nababagabag. Sasabihin ko ba, 'Ama, iligtas mo ako sa kahirapang daranasin ko?' Hindi! Sapagkat ito ang dahilan kung bakit ako naparito – upang danasin ang kahirapang ito. Ama, parangalan mo ang iyong pangalan."

Isang tinig mula sa langit ang nagsabi, "Pinarangalan ko na ito, at muli kong pararangalan." Narinig ito ng mga taong naroon at ang sabi nila, "Kumulog!" Sabi naman ng iba, "Nagsalita sa kanya ang isang anghel!" Sinabi ni Hesus, "Ipinarinig ang tinig na ito dahil sa inyo, hindi dahil sa akin. Panahon na upang hatulan ang sanlibutan. Itataboy ngayon sa labas ang pinuno ng sanlibutang ito. At kung ako'y maitaas na, ilalapit ko sa akin ang lahat ng tao." Sinabi niya ito upang ipakilala kung paano siya mamamatay.

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!
***B* – Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

Homiliya

Sumasampalataya

***B* –** Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

***P* –**Natitipon dito upang ipagdiwang ang pag-ibig ni Kristo sa ating lahat hanggang kamatayan, tayo ngayo'y manalangin sa kanya para sa mga pangangailangan at kahilingan ng sangkatauhan:

***B* –Panginoong Hesus, dinggin mo ang aming panalangin!**

* Para sa lahat ng kasapi ng Simbahan sa buong daigdig: Nawa sila'y maging kapani-paniwalang

saksi sa pag-ibig ng Ama para sa bawat tao. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa Santo Papa, ating Obispo, at mga kura paroko: Nawa buong giting silang magtiyaga sa kanilang paglilingkod, sa harap man ng mga kabiguan at iba't ibang kahirapan. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa lahat ng nagtitiis ng pahirap alang-alang sa Kaharian: Nawa manatili silang tapat sa kanilang kapangakuan sa katarungan at katotohanan. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa mga *"social worker"* at lahat ng nasa pambayang paglilingkod: Nawa tulungan sila ng pamayanan sa kanilang pagsisikap alang-alang sa ikabubuti ng lipunan. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa mga pinanghihinaan ng loob o nagdadalamhati: Nawa maipakisama nila ang kanilang mga tiisin sa mga hirap at sakit ng ating Panginoon. Manalangin tayo! ***B.***

* Tahimik nating idulog ang ating mga pansariling kahilingan. *(Tumahimik sandali.)*
Manalangin tayo! ***B.***

P –Panginoong Hesus, pinagtibay mo ang Bagong Tipan sa pamamagitan ng iyong pagkamatay sa krus. Bigyan mo kami ng kinakailangan naming lakas at pananampalataya upang malampasan namin ang lahat ng pagsubok nang kasama mo hanggang sa huling saglit ng aming buhay. Ikaw na nabubuhay at naghahari nang walang hanggan.
***B* –Amen!**

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

P –Manalangin kayo . . .
***B* – Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

Panalangin ukol sa mga Alay

P–Ama naming Lumikha, kami'y dumadalanging ang mga pinapagsaloob mo ng mga nilalaman ng pananampalatayang Kristiyano ay iyong gawing dalisay pakundangan sa ipinagdiriwang na paghahaing ito sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B* –Amen!**

Prepasyo ng Kuwaresma II

***P* –**Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Sa pagbabakasakali mong kami'y bubuti, isinugo mo si Hesukristo upang pangunahan kami. Bilang pagsunod sa iyong atas na bigay, ipinahayag ng iyong Anak ang iyong kalooban na ang mga api't dukha ay kanyang damayan. Ngayon ay iyong inihahandog ang pagkakataong aming maisaloob ang kanyang ganap at kusang paglilingkod upang sa iyo'y lagi kaming makasunod.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:
***B* – Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!**
Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!

Pagbubunyi

***B* –Sa krus mo at pagkabuhay kami'y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.**

PAKIKINABANG

***B* – Ama namin . . .**
***P* –** Hinihiling namin . . .
***B* – Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!**

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

***B*–Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2x)**
Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.

Paanyaya sa Pakikinabang

***P* –**Ito ang Panginoog Hesus, ang nagbuwis ng kanyang buhay para sa ating kaligtasan. Siya ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.
***B* – Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

Antipona ng Pakikinabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Butil na hindi mamatay sa lupang pinaghasikan ay palaging isa lamang, pag namatay uusbungan ng ibang butil sa uhay.

Panalangin Pagkapakinabang

***P*–**Ama naming mapagmahal, kaming nakikinabang sa Katawan at Dugo ng iyong Anak ay mapabilang nawang lagi sa mga kaanib niya na namamagitan kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B* – Amen!**

PAGWAWAKAS

***P* –**Sumainyo ang Panginoon.
***B* –At sumaiyo rin!**

***P* –**Magsiyuko at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. *(Manahimik sandali.)*
Panginoon, iligtas mong lagi ang iyong bayan sa lahat ng masama at tulutang paglingkuran ka nila nang buong puso. Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni Kristong aming Panginoon.
***B* –Amen!**

***P* –**At pagpalain nawa kayo ng Makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.
***B* –Amen!**

***P* –**Humayo kayo sa kapayapaan upang mahalin at paglingkuran ang Panginoon.
***B* –Salamat sa Diyos!**

makinig. kapanalig. Veritas846 RADYO TOTOO The Catholic Radio
veritas846kapanalig www.veritas846.ph @kapanalig

Alam ba ninyo na ang Via Lucis (The Trail of Light) ay isang paboritong debosyon ng Santo Juan Pablo II?



The Trail of Light

Mabibili sa Word & Life Center sa Makati.

Ito ay kasunod ng "Ang Daan ng Krus" upang makita natin ang kahalagahan ng Muling Pagkabuhay sa ating buhay espirituwal.

Paano ako makagagawa ng isang mabuting pangungumpisal?

Pangungumpisal:

Tungo sa Espirituwal na Paggaling, Paglago't Paglaya



Ang gabay ay mabibili sa wikang Ingles at Filipino. Mabibili rin sa pinaikling edisyon sa anyo ng *"leaflet."*

Ang Halaga ng Pagiging Mabunga

Pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, malaking bahagi ng Italia ang napinsala. Nahirapang makaraos ang mga tao dahil sa pagbagsak ng ekonomiya. Di karaniwang hirap ang dinanas ng mga tao lalo na sa mga pulo ng *Sardinia* at *Sicily,* at dakong timog ng Italia.

Marami sa mga tao ang naglagay ng kanilang tanging pag-asa sa pangingibang bansa para sa kanilang ikagiginhawa sa buhay. Sa hirap, tinanggap nila kahit ano na lamang gawain, maging ang paggawa sa mga minahan ng *Belgium* at iba pang bansa ng hilagang Europa, na pawang nagdulot ng pinsala sa kalusugan ng mga minero. Lahat ng nagtatrabaho sa mga minahan ng uling ay tiyak na magkakaroon ng TB o iba pang anyo ng sakit sa baga na maaaring magpaikli ng buhay nang 10 hanggang 15 taon.



Nakagugulat na sa kabila ng pinsalang maaaring matamo, libu-libo pa ring naghahanap ng mapapasukan ay handang tumanggap ng gayong mapanganib na trabaho. Alam nilang lahat ang mabigat na kapalit; gayunman marami rin sa kalalakihan ang handang magbayad ng gayong halaga alang-alang sa minamahal nilang asawa at mga anak.

Isang kahawig na saloobin ang kay Hesukristo tungkol sa katuparan ng kanyang misyon. Alam niyang ang kaligtasan ng sangkatauhan ay nakasalalay sa kanya, at matutupad niya ito kung iaalay lamang niya ang kanyang buhay bilang kabayaran sa mga kasalanan ng lahat.

Bilang tao, itinulak siya ng hangad niyang mabuhay at umiwas sa anumang maaaring ikapahamak niya. Ngunit ***bilang taong may misyon na ginaganyak ng mapagbigay na pag-ibig, hindi umurong si Hesus nang naunawaan niyang malapit na ang oras ng marahas niyang kamatayan.*** Buong tapang niyang naala-ala't ipinaaalaala sa kanyang mga tagapakinig na "malibang mahulog ang butil ng trigo at mamatay, mananatili itong nag-iisa. Ngunit kung mamatay, ito'y mamumunga nang marami." *(Sangguniin ang Ebanghelyo ngayon, t. 24.)*

Alam nating ang sa kanya'y di lamang mga salita. Nang dumating ang panahon para harapin niya ang hamon, ***tinanggap niyang mamatay sa krus upang lahat ng tao ay magkaroon ng pagkakataong mabuhay magpakailanman.***

Di dapat na maiba ang mga bagay-bagay para sa atin. Kung nais nating magtamo ng magandang bunga para sa atin o sa iba, dapat tayong maging handang magbayad ng halaga para rito. ***Sulit ang buhay kung ito ay alay para sa mabuting layunin.*** Kung sakaling umikli o mawala nang maaga, di natin ito dapat panghinayangan, sapagkat ***ang halaga ng buhay ay wala sa haba, kundi sa sidhi ng pag-ibig na kanyang ikinatutupad.***

WORD & LIFE PUBLICATIONS

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila
Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • ***Telefax:*** 894-5241 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** marketing@wordandlife.org, wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word & Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. S. Putzu, C. Valmonte, G. Ramos, V. David, J. Domingo, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Circulation:*** R. Saldua